Republika ng Pilipinas
Lungsod Quezon
SANGGUNIANG PANLUNGSOD
(City Council)

PR98-173 & PR98-189

Unang Pagpupulong

RESOLUSYON BLG. SP-~~98~~0, S-98

**IPINAABOT NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD AT NG PAMAHALAANG LOKAL SA PAMAMAGITAN NI KAGALANG-GALANG ISMAEL A. MATHAY, JR., PUNONG LUNGSOD NG QUEZON, ANG WAGAS NG PAGKILALA AT PAGBATI SA IGLESIA NI CRISTO, SA IKA-84 NA ANIBERSARYO NG MULING PAGSIBOL NITO, SA IKA-30 NA ANIBERSARYO NG PAGTATAG NG MGA SANGAY NG IGLESIA NI CRISTO SA IBANG BANSA, AT SA IKA-23 ANIBERSARYO NG PAGTATAG NG NEW ERA UNIVERSITY NGAYONG IKA-27 NG HULYO, 1998.**

---

Iminungkahi nina Konsehal ELIZABETH "Tita Beth" A. DELARMENTE, EUFEMIO C. LAGUMBAY, WILMA AMORANTO SARINO, ANTONIO L. SIOSON, VINCENT P. CRISOLOGO, GEORGE M. CANSECO, ROMMEL R. ABESAMIS, WINSTON "Winnie" T. CASTELO, MA. FRESCA M. BIGLANG-AWA, GODOFREDO T. LIBAN II, MARCIANO P. MEDALLA, ENRICO S. SERRANO, ERIC REY Z. MEDINA, JORGE L. BANAL. EUFEMIO C. LAGUMBAY, MICHAEL F. PLANAS, JULIAN M.L. COSETENG, ANTHONY C. CASTELO, FERNANDO V. AVANZADO, NANETTE CASTELO DAZA, JESUS "Bong" SUNTAY, MARCEL C. RILLO, RAMON "BU" G. MATHAY, ALMA "Neneng" F. MONTILLA, BAYANI V. HIPOL, ALMARIO E. FRANCISCO at MARVIN C. RILLO.

---

SAPAGKAT, ang Iglesia ni Cristo ay muling sumibol sa Republika ng Pilipinas at sa kamulatan ng tao, at opisyal na natala sa Pamahalaan noong ika-27 ng Hulyo 1914;

SAPAGKAT, matapos ang pagsibol ng Iglesia ni Cristo ay nagsimula ang malawakang pamamahayag ng banal na katotohanan at mabuting balita ng kaligtasan ng tao laban sa kasalanan mula sa banal na aklat, sa dako ng Tipas, Rizal;

SAPAGKAT, ang muling pagsibol ng Iglesia ni Cristo ay hindi nagpagapi sa mga paunang pag-uusig na kanyang dinanas mula sa ibat-ibang sektor ng lipunan;

SAPAGKAT, sa kabila ng pag-uusig laban sa Iglesia ni Cristo na nabanggit ay nakapagtatag pa ito ng mga sangay sa ibat-ibang bansa pangunahin sa Hawaii noong ika-27 ng Hulyo 1968 at ngayon ay mayroon ng mga sangay sa mahigit animnapu (60) na bansa sa buong mundo;

SAPAGKAT, sa kabila ng pag-uusig at iba pang pagsubok, naitatag pa ng Iglesia ni Cristo ang New Era University noong ika-27 ng Hulyo 1975.

SAPAGKAT, batid natin at ng mga naninirahan hindi lamang sa ating Lungsod kundi sa ibat-ibang dako ng kapuluan, at nang mga dakong nalaganapan ng Iglesia ni Cristo na ang Relihiyong ito ay higit ng nakasusunod sa pagpapaunlad ng kapaligiran, sa pagtataas ng antas ng kabuhayan at kultura ng mga naninirahan, bukod sa pagtulong sa kapuspalad;

NGAYON, SAMAKATUWID,

PAGTIBAYIN NAWA, HABANG PINAGTITIBAY ITO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG QUEZON SA PAGPUPULONG, ang pagpapaabot ng Sangguniang Panlungsod at ng Pamahalaang Lokal sa pamamagitan ni Kagalang-galang Ismael A. Mathay, Jr., Punong Lungsod ng Quezon, ang wagas ng pagkilala at pagbati sa Iglesia ni Cristo, sa kanyang ika-84 anibersaryong muling pagsibol, sa ika-30 na anibersaryo ng pagtatag nito ng mga sangay sa ibat-ibang bansa, at sa ika-23 na anibersaryo ng pagtatag ng Iglesia ni Cristo ng New Era University ngayong ika-27 ng Hulyo 1998.

PAGTIBAYIN DIN, na isulat ang Resolusyong ito sa opisyal na talaan (scroll), at ipagkaloob ng Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ng Punong Lungsod ng Quezon sa Tagapamahalaang Pangkalahatan ng Iglesia ni Cristo.

PINAGTITIBAY ngayong ika-21 ng Hulyo, 1998.

CONNIE S. ANGELES
Pangalawang Punong Lungsod at
Tagapamahala

PINATUTUNAYAN:

EUGENIO V. JURILLA
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod